**FILIPINO 5**

**Pangalan** ______________________________________________

**PANUTO I. Basahing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang kung anong uri ng tayutay ang ginamit dito.**

| **Pagtutulad** | **Metapora** | **Pagmamalabis** | **Ironiya** | **Pagsasatao** |
|---|---|---|---|---|

________________1. Abot langit ang saya ng buong klase nang ipahayag na walang quiz.
________________2. Dragon kung magalit si Teacher Andrea.
________________3. Kumakaway ang mga ulap habang pinagmamasdan ang mga nagdiriwang ng kalayaan.
________________4. Napakamasunurin niya sa harap ng guro, ngunit iba ang ugali kapag wala itong nakatingin.
________________5. Ayaw ko na syang maging kaibigan dahil ahas sya!
________________6. Si Ana ay isang bituin sa kanilang paaralan.
________________7. Siya ay isang anghel na isinugo upang iligtas atyong lahat.
________________8. Ang mga bulaklak ay sumasayaw sa ihip ng hangin.
________________9. Ang kanyang kinang ay kinaiinggitan ng araw at buwan.
________________10. Si Rona ang utak ng mga naggagandahang proyektong ipinasa ng kanilang grupo.

**PANUTO II:** Basahin ang bawat pangungusap na langkapan. Tukuyin ang mga bahagi nito sa pamamagitan ng **pagbilog ng dalawang sugnay na makapag-iisa** at **salungguhitan ang sugnay na di makapag-iisa.**

1. Nabuo ang Pilipinas sa pagsabog ng mga bulkan, at naging bahagi ito ng Pacific Ring of Fire, kaya't patuloy ang aktibidad ng mga bulkan sa bansa.
2. Mag-aaral ako nang mabuti at magsisikap ako upang matupad ko ang aking mga pangarap.
3. Nagbasa ako ng libro at nagsulat ako ng sanaysay upang mapalawak ang aking kaalaman.

**PANUTO III:** Sumulat ng tatlong langkapang pangungusap gamit ang mga pangatnig.

1. kapag
2. kaya
3. dahil
4. palibhasa

LIVEWORKSHEETS